

## **TILAG: Tagalog Version**

### **Tilag**

#### **hango sa salaysay ni Jerson Ayongchi**

*Para sa mga sinaunang Ifiallig, mahiwaga ang tilag (bahaghari) dahil hindi nila ito naiintindihan. Isa sa kanilang mga paniniwala na ang pagpapakita ng tilag ay tanda na mayroong mamamatay.*

Noong unang panahon sa Makaranna, isang lugar sa Fiallig, may isang binatang mangangaso. Isang araw, pumunta siya sa gubat upang mangaso. Dahil umaambon noon bagama't maliwanag ang sikat ng araw, nakakita siya ng isang tilag. Napakaganda ng tilag na nakita niya. Iba't ibang kulay. Nais niyang matuklasan ang hiwaga ng tilag.

Nagpasiya ang binatang sundan ang tilag at hanapin ang pinagmumulan nito. Ngunit kahit malayo na ang kanyang nalalakad, hindi pa rin niya matunton ang pinagmulan. Tumigil ang ambon at naglaho na rin ang tilag. Sa ibang araw na lamang niya itutuloy ang paghahanap. Umuwi siya at nag-ichiw upang humingi ng payo, at maganda naman ang naging pangitain. Nagluto siya at kumain habang pinagmamasdan ang koleksyon niya ng mga bungo ng hayop na kanyang napangaso.

Dumating muli ang panahon ng pagpunta niya sa gubat. Sa kabutihang palad, muli na namang umambon at nagpakita ang tilag. Agad niyang hinanap ang pinagmumulan nito hanggang makarating siya sa isang sapa. Nagulat siya nang makakita siya ng isang dalagang nanghuhuli ng talangka at palaka.

"Ano ang ginagawa mo?" tanong niya sa babae.

Lumingon ang babae sa kanya. "Nanghuhuli ako ng talangkang kakainin ko," sagot ng dalaga.

"Ano ang pangalan mo?" tanong ng binata.

"Tilag ang pangalan ko."

"Gusto mo bang umuwi tayo sa bahay ko para lutuin natin ang mga talangkang nahuli mo?" paanyaya ng binata. Sumang-ayon ang dalaga.

Nang makarating sila sa bahay ng binata, tinanong ng binata si Tilag kung papayag itong maging mag-asawa sila. Hindi agad sumagot si Tilag. Saglit siyang nag-isip at sinabing, "Bakit hindi, wala rin naman akong inuuwian."

Simula noon, namuhay sila bilang mag-asawa. Makalipas ang ilang taon, nagkaroon sila ng mga anak. Sa paglipas ng panahon, napansin ng lalaki na tuwing umuuwi siya mula sa pangangaso sa gubat, unti-unting nababawasan ang naipon niyang mga panga at bungo ng hayop. Hindi niya maisip kung bakit nangyayad ito. Napagpasiyahan niyang manmanan kung sino ang kumukuha ng mga ito.

Isang araw, nagpanggap ang lalaki na maghapon siyang magtatrabaho sa payyiw. Nagdala pa siya ng baon at nagtungo sa payyiw. Nguni't sa tanghali, dahan-dahan siyang bumalik sa kanyang bahay. Pakubli-kubli pa niyang minanmanan ang mangyayari. Laking pagkagimbal niya nang makita ang asawang ngumangasab ng panga. Hindi siya maniwala sa kanyang nakita.

Lumabas siya sa pagkakatago at nagpakita sa asawa. "Tilag, mayroon namang karne a? Bakit yung mga panga pa ang inuulam mo? Ikaw pala ang umuubos sa mga inipon kong panga at bungo."

Hindi makapagsalita si Tilag. Maya-maya'y sinabi na lamang ni Tilag, "Nahihiya ako. Maghiwalay na lang tayo."

"Huwag naman," sabi ng lalaki. "Ipinagbabawal ko lang naman na kainin mo itong mga panga. Kung bakit iyan pa kasi ang kinakain mo, nandito naman ang mga karneng napangaso ko."

"Nguni't nakakahiya, pag-uusap-usapan ito dito sa atin. Hindi na ako maaaring manatili dito," sabi ni Tilag. "Nandito naman ang mga anak natin, sila na lang ang pagtuunan mo ng pansin. Aalis na lamang ako." Kinabukasan, lumisan si Tilag at hindi na nagbalik.

Kahit wala na si Tilag, dumami ang kanilang lahi dahil nakapag-asawa't nagkaanak ang mga anak nila sa paglipas ng panahon. Sa katunayan, ayon sa matatanda, ang mga apo ni Tilag gaya nina Fongngor ay nabubuhay pa hanggang ngayon.